



NRCP
RESEARCH JOURNAL

Full Paper

PALENGKESPASYO: Pagmamapa ng Pisikal na Espasyo sa Palengke ng San Andres sa Maynila

Eldrin Jan Danganan Cabilin

De La Salle University Manila, 2401 Taft Ave, Malate, Manila, 1004 Metro Manila

eldrin_jan_cabilin@dlsu.edu.ph

Kasunod sa pagsilang ng isang siyudad o probinsya ang pagsilang din ng isang palengke. Malalaman kaagad ang kasaysayang naganap sa isang pook o lugar na ito depende sa kinatandaan din ng isang palengke kasabay ng gawaing pangkultura at ekonomiya dito. Pangunahing binigyang suri sa pag-aaral na ito ang pisikal na espasyo ng palengke sa San Andres sa Maynila sapagkat sumailalim ito sa pagbabagong bihis simula ng ito ay mapasa-ilalim sa isang pampridadong kompanya o yung tinatawag na *joint venture agreement* na isang mukha ng *Public-Private Partnership* (PPP). Pangunahing ginamit na teorya sa pag-aaral ng teksto ang modelo ni Henri Lefebvre na *spatial practice* mula sa *Spatial Triad*. Sa huli, ay nakabuo ng mapa ang mananaliksik gamit ang apat na makapilipinong pamamaraan, pagmamasid, pakikipanayam, pagtatanong-tanong at pakikipagpalagayang-loob, upang ilatag ang naging kaakuhan sa naging pagbabagong bihis nito sa pisikal na sakop at saklaw sa espasyo ng palengke. Lumabas ang paghaharing uri ng pampridadong kompanya sa espasyo ng palengke sapagkat litaw na litaw sa pagmamapa na may nahahati at naghaharing uri sa espasyo, ang *mall* at ang palengke. Nakahulagway dito kung papaanong pinababansot ang pagpapalit ng pamunuan mula sa pampubliko patungong pampribado na isang mukha ng neoliberalismo, ang kabuoan ng gawain at sistemang kinasasadlakan ng maraming kabahagi sa paghahatid ng produkto at serbisyo sa loob at labas ng palengke.

Mga Susing Salita; palengke, espasyo, pagmamapa, *spatial practice*, *joint venture agreement*



After the birth of a city or province is the birth of a market. Historical accounts in the place can be known through the establishment of a market with its cultural and economic activities. This study focuses on the physical space of San Andres market in Manila because it has undergone reconstruction and is now handled by a private company thru the joint venture agreement which is an example of what we called Public-Private Partnership (PPP). The theory of Henri Lefebvre's Spatial Triad particularly the spatial practice was mainly used as a model for the study. At the end, the researcher was able to create a map using four Filipino methodology, pagmamasid, pakikipanayam, pagtatanong-tanong at pakikipagpalagayang-loob, in order to establish the changes brought in the physical space of the market. It appears in the map that there is a clear dominance of private company over the space since there is a larger portion for the mall compare to the market. It is a clear manifestation of neoliberalism since the private company was able to devour the public sector relative to its activities and system in the delivery of product and service inside and outside the market.

Keywords; market, space, mapping, spatial practice, joint venture agreement

Article history

Received : August 27, 2024

Revised : November 4, 2024

Accepted: October 28, 2024

Introduction

Kasunod sa pagsilang ng isang siyudad o probinsya ang pagsilang din ng isang palengke. Malalaman kaagad ang kasaysayang naganap sa isang pook o lugar na ito depende sa kinatandaan din ng isang palengke kasabay ng gawaing pang kultura at ekonomiya dito. Sa madaling sabi, naghahatid ng isang makabuluhang tunguhin ang palengke sa bawat pook o lugar na kinabibilangan nito. Nagtatahi ito ngayon ng isang panlipunang reyalidad ng tao. Ang pagbibigay ng parametro sa palengke bilang nagtatahi ng isang panlipunang reyalidad ay siyang dahilan para sa mananaliksik na maging sentro ng pag-aaral na ito. Ang isang libo't isang dahilan sa patuloy na pag-ikot sa buhay ng tao ng mga gawaing kinalilingkisan ng palengke ay naghahatid ng reyalidad mula mismo sa pakikisangkot nito batay sa naoobserbahang kaganapan na nauunawaan at nalalaman ng tao gamit ang sens-persepsyon (Morales-Nuncio at Nuncio, 2004).

Idinagdag pa nina Morales-Nuncio at Nuncio (2004) ang pagbibigay halimbawa sa pamilihan bilang lunsaran ng tinatawag na 'sosyal penomenon'. Dito ay may ugnayan ng tao, may pagkilos na naayon

sa alituntunin ng bilihan, may sangksyon o parusa sa sumusuway (pagnakaw ng paninda) at may nagtatakdang institusyon na gumagabay (pulisya, lokal na pamahalaan atbp) sa relasyong nabanggit. Wagas ang nagkakasala-salabid na konseptong maaaring bigyang bihis at kaakuhan sa konsepto ng isang palengke. Pormal at di-pormal itong maaaring maging lunsaran ng kaakuhang mas magpapataas sa antas ng ating pagkakakakilanlan bilang isang Pilipino higit lalo sa natatanging katangiang mayroon ito.

Sa Maynila, bilang sentro ng komersyo at pagpapalitan ay may halos labing-anim na palengkeng mapupuntahan dito. Ilan sa pamosong palengke sa Maynila ay ang Divisoria, Quinta at Paco. Sa totooan ay kakaunti ang batis na nasusulat patungkol sa palengke kaya naman layunin ng mananaliksik na makaambag sa mga simulaing pagtatalakay na nakapokus sa palengke. Hindi nga pansining bahagi ng ating lipunan ang palengke na kung tutuosin ay tigib ang paghihirayang makakalap dito.

Ang palengke ng San Andres sa Maynila ang napiling talakayin ng mananaliksik sa pag-aaral na

ito. Perpektong teksto ang palengke ng San Andres sapagkat ito ay nailuklok na sa mahabang panahon at may malawak na sukat mula sa pormal nitong konstrak. Hango ang pangalan ng napiling palengke sa lugar kung saan ito matatagpuan. Naging saksi din ang palengkeng ito sa maraming kaganapan at pagbabago buhat sa mga naging alkalde ng lungsod simula ng ito ay itatag. Iba't ibang uri at porma ng inobasyon at konstraksyon ang ginawa dito ngunit magpasa hanggang ngayon ay matatag na nakatayo pa din ito.

Ayon kay Sakili (2003), sa espasyo ay nakikilala ang kulturang umiiral dito. Gayundin ay may sining na buhay at nagbabanyuhay sa pagbibigay ng parametro kung papaano ito nagbago at umunlad sa pagdaan ng panahon. Maliwanag na sa pagbuo ng espasyo ay ang pagbuo rin ng isang pagkakakilanlan ng kulturang binuo ng isang tao gamit ang mga nasa paligid niya. Ang pakikibahagi ng tao sa kanyang lunan ang siyang nagiging salaylayan ng mas mainam na espasyong ginagalawan ng mga taong nagiging kabahagi nito. Sa madaling sabi, buo ang kabuoan ng isang espasyo sapagkat produkto ito ng maraming salik.

Pangunahing binigyang suri sa pag-aaral na ito ang pisikal na espasyo ng palengke sa San Andres sa Maynila sapagkat sumailalim ito sa pagbabagong bihis simula ng ito ay mapasa ilalim sa isang pampribadong kompanya o yung tinatawag na *joint venture agreement* na isang mukha ng *Public-Private Partnership* (PPP). Sa huli, ay nakabuo ng mapa ang mananaliksik upang ilatag ang naging kaakuhan sa naging pagbabagong bihis nito sa pisikal na sakop at saklaw sa espasyo ng palengke.

Metodo/Pamamaraan

Ang palengke ng San Andres sa Maynila ay bubuwagin ngayon sa porma ng paghahatag batay sa pananaliksik ng nakakubling konsepto sa pisikal na sakop at saklaw ng espasyo nito. Apat na makapilipinong pamamaraan ang ginamit ng mananaliksik upang masinop nito ang mga kinakailangang datos. Ito ang pagmamasid, pakikipanayam, pagtatanong-tanong at pakikipagpalagayang-loob (Enriquez at Santiago, 2017). Nagawa ng mananaliksik na makakalap ng datos hinggil sa kasaysayan ng palengke ng San Andres at ang mga naging pagbabagong naganap dito mula ng mapasailalim ito sa balangkas ng mga palengkeng nasa ilalim ng *joint venture agreement* mula sa mga nagtitinda, mamimili, at sa *Market Master* nito.

Pangunahing ginamit na teorya sa pag-aaral ng teksto ang modelo ni Henri Lefebvre na *spatial practice* mula sa *Spatial Triad*. Ayon kay Lefebvre (1991), tinawag ang *spatial practice* bilang *perceived space* sapagkat ito ang espasyong direktang namamasid o nasasagap gamit ang senses ng isang tao. Kasama dito na sinaluysoy ang kaligiran sa palengke ng San Andres bilang isang espasyo na may tagni-tagning katangiang itinatago. Matapos ang naging pagdidiskurso ay nilatag ang pagmamapa sa kabuoang espasyo ng palengke mula sa lokasyon, pagkakabuo at pagkakahati-hati o ang heograpikal na sakop at saklaw nito upang maging tuntungan sa paglalalatag ng parametro sa magiging kaakuhan ng palengke bilang isang espasyo.

Kinuha ito batay sa arkitektural nitong pagkakaayos mula sa ginawang pag-iikot-ikot at pagmamasid ng mananaliksik sa loob at labas ng palengke. Bumuo ng sariling mapa ang mananaliksik hango kasalukuyang konstrak nito batay sa pagkakaayos, pagkakahati at pagkakasalansan ng iba't ibang makikitang lugar dito parehas sa loob at sa labas ng kabuoang espasyo.

Ang Palengke ng San Andres: Isang Pagkilala

Sa panahon ngayong halos lahat ng impormasyon ay mahahanap at mababasa na gamit ang *internet* ay sinubukan ng mananaliksik na hanapin sa *Google* ang tungkol sa palengke ng San Andres. Lumabas ang halos 45, 800 na resultang may kinalaman hinggil dito mula sa mga artikulo, mapa, numero, tao, larawan at maraming iba pa na may kaugnayan tungkol dito. Hindi gaya ng mga palengke ng Paco, Divisoria at Quinta na maraming batis na naisulat hinggil dito sapagkat marahil ito ang mga nauna at pangunahing malalaking palengke sa lungsod ng Maynila. Sa mga naisulat namang pag-aaral hinggil sa palengke ng San Andres ay kadalasang ginamit lang na lunan o lugar ito upang suriin ang mga ispesimen na mayroon dito at hindi upang dalumin mismo ang kabuoang kaakuhan na mayroong umiinog sa loob at labas ng palengke. Wala halos maibigay na tungkol sa kasaysayan sa palengke ng San Andres maliban sa mga komento at reaksiyon ng ilang mga mamimili na nagtungo dito ito man ay mga lokal na mamimili o mga dayuhan na mababasa sa ilang *blog*.

Ayon sa naging *joint venture agreement* ng lungsod ng Maynila at *XRC Mall Developers, Inc*, ang palengke ng San Andres ay matatagpuan sa pagitan ng Leveriza at San Andres sa Maynila. Sa kasalukuyan ay may sukat itong 2,974.6 *square meters*. Itinuturing

ang palengke ng San Andres bilang bahagi sa gulugod ng Maynila sa pagkamkam nito ng mga pondong kinakailangan upang matustusan ang lahat ng pangangailangan para sa pagtataguyod ng kagalingang panlahat ng mga Manileño. Isa itong *income generating service* ng lungsod bukod pa sa maraming negosyong matatagpuan dito gaya ng mga mall, *condominium*, *hotel* at maging mga parke at restawrant. Taong 2015 ay ipinasok ang palengke ng San Andres sa tinatawag na *Public-Private Partnership* (PPP) kaya ang pagmamay-ari sa palengke ng San Andres ay hindi na lamang nakasandig sa pamahalaang lungsod ng Maynila kung hindi pati na rin sa isang pampribadong kompanya. Ang pampribadong kompanyang humahawak sa palengke ng San Andres ay ang *XRC Mall Developers, Inc* at tinawag nila ang proyektong ito bilang *joint venture* sa pamahalaang lungsod ng Maynila. Hindi lang nag-iisa ang palengke ng San Andres sa mga napasailalim ng *joint venture* kung hindi gayundin ang palengke ng Sta. Ana, Trabajo, Sampaloc at Quinta.

Sa kabilang banda, sa ginawang pagmamasid at pakikipanayam ng mananaliksik habang nangangalap ng datos ay talaga namang may malaki ng pinagkaiba ang palengke ng San Andres noong taong 2015 simula ng pumasok ito sa isang *joint venture*. Bago man sa pandinig ang ginamit na terminong *joint venture agreement* ay maliwanag namang ipinasok sa isang pampribadong balangkas ang palengke ng San Andres o sa *privatization*. Sipat na sipat ang dibisyong naganap sa paghahati ng lahat – kapangyarihan, kita, desisyon, plano – sa kabuoang pagpapatakbo ng palengkeng ito sapagkat ang palengke bilang bahagi dapat sa pamamahala ng pamahalaang lungsod ng Maynila ay ipinagkaloob na ito ngayon sa pagmamay-ari ng isang pribadong kompanya. Makabago ang dating ng ganitong gawain na kung saan ay bakas ang porma ng kapitalismo sapagkat sa kamay ng isang pribadong kompanya mapasasailalim ang pamamahala nito na maaaring makaapekto ng malaki sa mga direktang nasasakupan nito partikular ang mga nagtitinda at mamimili.

Sa website ng *Xentro Mall* hinggil sa palengke ng San Andres ay walang masyadong detalyeng inilahad ito maliban sa petsa ng pagbubukas nito noong ika-19 ng Abril 2016, oras ng operasyon ng *mall* mula alas nueve ng umaga hanggang gabi simula lunes hanggang linggo, numero ng *mall* at ang bilang ng palapag nito. Itinuturing ang espasyong ito hindi na lamang bilang isang palengke kung hindi isa na ding *mall*.

Sa napanuod ng mananaliksik sa *Youtube* na na isang balita mula sa programang *Unang Hirit* na ipinaskil ng *GMA News* sa kanilang akawnt noon pang ika-18 ng Abril 2016, isang malayong palengke ang inilahad dito mula sa lumang palengke ng San Andres na mabaho, mainit, madilim at nanggigitata ngunit makalipas na ito ay dumaan sa rekonstruksyon ay napalitan na sa pagiging isang “magarang” pamilyan ang palengke ng San Andres. Presko, de-aircon at de-marmol ang mga banyo nito na talaga namang husto ang pagbabagong bihis ng palengke ng ito ay magsimula. Samantala, habang tumatakbo ang panahon ay unti-unti namang hindi nagiging maganda ang kabuoang istruktura ng palengke batay na din sa mga nakuhang datos ng mananaliksik. Isang parikala ito sa kasalukuyan kung bibigyan ng paghahambing mula sa balita.\

Maikling Pagsasakasaysayan sa Palengke ng San Andres sa Maynila

Halos walang nahanap ang mananaliksik na dokumento tungkol sa kasaysayan ng palengke ng San Andres sa Maynila. Hindi tulad ng ilang kilalang palengke sa siyudad ay may mayaman itong mga tala. Sa kabilang banda, nagsagawa ng pagtatanong-tanong ang mananaliksik sa mga matatanda at matatagal ng nagtitinda dito. Isa sa nakalapan ng mananaliksik ng mayamang impormasyon hinggil sa kaligiran ng palengke ay si Jun Santiago. Sa lugar sa San Andres malapit sa palengke siya ipinanganak at lumaki hanggang makapagtapos ng kolehiyo gayun din ang kanyang tatay at mga tiyahin na noon ay wala pang pormal na puwesto sa palengke ngunit mga naging katulong sa pagbebenta sa bahaging prutasan sa palengke. Sa kanyang matatas na paglalahad ayon na din sa kuwento ng kanyang ama, talipapa ito noong araw na naghahatid na ng serbisyo at silbi sa mga mamamayan sa paligid nito. Ang talipapa sa tagalog ay puwestong inilaan sa isang partikular na lugar na kadalasan ay tumatagal ng mahabang panahon hindi gaya ng tabu na madaling alisin mula sa lugar nito. Kaya matatagning sa pagtagal ng panahon, ang minsang talipapa sa lugar sa San Andres ay tuluyan ng binuo bilang isang palengke na hanggang sa ngayon ay pinakikinabangan ng maraming tao sa paligid nito.

Ayon pa kay Jun, isang pilantropong Pilipino ang kinikilalang nagmamay-ari ng palengke ng San Andres na ubod ng yaman at halos walang mapaglagyan ng kanyang pera. Mula sa nasasakupan ng palengke ng San Andres hanggang sa *Bureau of Plants Industry* ay pagmamay-ari ito ng mayamang pilantropo na kalaunan ay ipinagkaloob

niya sa gobyerno ang karapatan upang pangasiwaan at gamitin ito. Dagdag pa niya ay hindi na kasama ang kanang bahagi ng palengke sapagkat may titulo itong pinanghahawakan ng nag mamay-ari sa ngayon. Isa pang nilinaw niya ay wala talagang titulo ang palengkeng ito.

Sa paghahanap ng datos hinggil sa kasaysayan ng palengke ng San Andres ay sinubukan din ng mananaliksik na magtungo sa katabi ng palengke na *Bureau of Plants Industry* gayundin sa katapat nitong mababang paaralan ng Aurora A. Quezon upang makakuha ng kaugnay na datos hinggil sa pagkakabuo ng palengke. Batay sa tala ng kasaysayan ng mababang paaralang Aurora A. Quezon ay nabuo ito noong 1904 at ang *Bureau of Plants Industry* naman ay nabuo ng taong 1930 kaya hindi nalalayaong nabuo ng mas maaga sa mga taong nabanggit ang palengke ng San Andres na pawang nasa panahon ng pananakop ng mga Amerikano simula ng taong 1898 (Agoncillo, 2012).

Hindi nakapagtataka na sa panahon ng mga Amerikano nilinang ang mga kilalang palengke sa Maynila gaya ng Arranque na idinisenyo ng arkitektong si Juan Hervas. Sa kabilang banda, noong taong 1910 naman ay binuo ang palengke ng Paco sa Paco, Maynila. Dalawang sistema ng pakikipagpalitan ng produkto at serbisyo ang pinaunlad pa ng mga Amerikano simula ng pamahalaan nila ang ating gobyerno: sa mga tindahan at sa mga palengke. Hindi lang ang sistema ng pakikipagpalitan ng produkto at serbisyo ang pinaunlad ng mga Amerikano sa panahon nila kung hindi pati na din ang sanitasyon nito (Javellana, 2017).

Isa pang nagtitinda na nakausap ng mananaliksik hinggil sa kasaysayan at naging pagbabago sa palengke ng San Andres ay si Aling Dory na nakapagtinda na ng iba't ibang klase ng produkto at ngayon ay napirmi sa pagtitinda ng manok. May halos limang dekada na rin siyang nagtitinda dito kaya naabutan niya ang iba't ibang rekonstruksyon o pagbabagong bihis dito. Ayon kay Aling Dory ay sabay na pinaayos ang palengke ng San Andres at Paraiso ng Batang Maynila ng lokal na gobyerno ng Maynila sa ilalim ni Mayor Antonio Villegas noon. Lumubog ang palengkeng ito sa baha noong 1970's at pinaayos ni dating unang ginang Imelda Marcos sa panahon naman ni Mayor Ramon Bagatsing Sr. Hindi pa dito natigil ang pagbabagong bihis ng palengke at muli pa itong isinaayos matapos ang maka ilang taon sa panahon naman ni Mayor Lito Atienza. At nito nga lang 2015, ipinasok ang palengke ng San Andres sa isang *public-private*

partnership at lubos ng nabuo sa pagiging isang bago at modernong palengke noong 2016 sa panahon naman ni Mayor Estrada.

Pagsipat sa Usaping Joint Venture Agreement ng Pribado at Pampubliko sa Palengke ng San Andres

May matandang kasabihan na lahat ng bagay ay nagbabago. Walang nakaliligtas dito kaya naman mula sa pisikal na pagkakabuo sa maraming espasyo sa lungsod ng Maynila ay nag-uunahan at nag-papataasan nilang buoin at tapusin ang iba't ibang istruktura gaya ng mga mall at *condominium*. Sa Maynila bilang sentro ng komersyo at gawaing pang-ekonomiko, mahalaga ang kita. Hindi lang basta kita bagkus ay malaking kita ang kailangang-kailangan nito na makaaambag ng malaki bilang panustos sa maraming gawain sa pagpapaganda at pagbabagong bihis sa lungsod. Ito ang naging pangunahing direksyon ng pamahalaang lungsod ng Maynila sa pagpapasa nila ng ordinansa bilang 8346 o "Manila JV Ordinance" partikular sa nilalaman nito:

SEC. 2. Declaration of Policy. - (a) It is hereby declared that as a policy, the City of Manila shall advance the public good and general welfare and promote the interest of the community and the city within the framework of sustainable development and effective constructive engagement and integrated meaningful people's participation in local governance. (b) PPPs in general and JVs in particular shall be pursued by the city consistent with and in furtherance of the vision and mission of the city.

Palaging kabuhol sa lahat ng ito ang gawaing magpapataas sa kaantasan at kalidad ng moral, pisikal, politikal, kultural at ekonomiko na aspekto ng mga taong kanilang nasasakupan. Ito ang isang salik na nagbunsod para sa pamahalaang lungsod ng Maynila upang pumasok sa gawaing paghahati sa kapangyarihan partikular sa teksto ng pananaliksik na ito na palengke ng San Andres. Tinawag ang gawaing ito ng pamahalaang lungsod ng Maynila at ng isang pampribadong korporasyon bilang *joint venture agreement*. Sa madaling sabi, itinali ang palengke ng San Andres sa gawaing tinatawag na *Public-Private Partnership* o PPP. Sa isinulat na pag-aaral ni Nuncio (2019) ay direktang binigyang kahulugan niya ang gawaing PPP sa pagsasabing:

Tutustusan ng pribadong kompanya o grupo ng mga kompanya ang isang proyektong pang-imprastruktura at sila ang magpapatakbo nito

sa loob ng itatakdang panahon (kadalasan 20-30 taon). Walang gagastusin ang pamahalaan at ang kikitain ng mga namumuhunan dito ay manggagaling sa ibabayad ng kostumer sa produkto o serbisyo nilang matatanggap. Maaaring ang mga namumuhunan ay galing sa ibang bansa o mismong mga kababayan nating negosyante.

Tunay na sa konseptong nabanggit ay napasailalim ang palengke ng San Andres sa gawain ng PPP. Binigyan man ito ng bagong katawagan sa konteksto ng naganap sa palengke ng San Andres bilang *joint venture agreement* ay maliwanag na may dibisyong naganap sa paghahati ng lahat – kapangyarihan, kita, desisyon, plano – sa kabuoang pagpapatakbo ng palengkeng ito.

Sa panahon pa ni dating pangulo na naging noon ay mayor Joseph Ejercito Estrada nagkaroon ng *joint venture agreement* sa pagitan ng pamahalaang lungsod ng Maynila, bilang isang pampublikong opisina, at ng *XRC Mall Developers, Inc.*, bilang ang pampribadong kompanya, naging isang *public-private* na palengke ang palengke ng San Andres. Samakatuwid, nagkaroon ng paghahati sa kapangyarihan ng palengke ng San Andres sa pagitan ng dalawang ito. Sa isang balita mula kay Manongdo (2015), nauna nang bigyang bagong bihis at mapasailalim ang palengke ng Quinta sa Quiapo mula naman sa ibang pribadong kompanya na *Marketlife Management and Leasing Corporation* (MMLC) sa isang *joint venture agreement*. Isinunod na nga ang palengke ng San Andres na pumasok sa ganitong proyekto matapos mauna ang palengke ng Quinta. Sa ginawang *joint venture agreement* ay unang-unang umalma ang mga nagtitinda sa parehas na palengke. Giit naman ng noong Mayor Estrada na kahit magkaroon pa ang mga nagtitinda sa palengke ng San Andres ng tinawag nilang “Market Holiday” na nilahukan ng may 5,000 nagtitinda mula sa pito ng labing apat na pampublikong palengke sa Maynila ay tuloy ang rehabilitasyon sa pamamagitan ng pinasok na *joint venture agreement* na pinirmahan sa pagitan ng pamahalaang lungsod ng Maynila at ng mga pampribadong kompanya. Isa itong mariing porma ng pananakal upang maipit ang boses ng mga nagtitinda sa lahat ng palengkeng ito na malawakang naganap sa lungsod ng Maynila sa panahon ni Erap. Isa itong maliwanag na pagsasapribado ng espasyong dapat ay direktang hinahawakan at pinangangalagaan ng bawat pamahalaang lungsod sapagkat kadugtong ito ng kanilang tungkulin sa mga nasasakupan nito sa paghahatid ng serbisyong pampubliko. Ayon nga kay Palatino (2019), isa itong maliwanag na porma ng neoliberalismo kung saan

ay sinasamsam ng mga dambuhalang korporasyon ang lahat ng mga pampublikong espasyo para sa kanilang mas malawakang kapakinabangan na hindi isinasaalang-alang ang kapakanan ng mga nasa laylayang manggagawang naghahatid sa kanila ng kita at tubo. Sa kasalukuyan, hindi na lamang ang palengke sa Maynila ang naipasok na sa balangkas ng pampribadong pamamahala kung hind maging iba pa sa karatig lungsod at probinsya gayun din ang mga daanan, ospital at maraming pang ibang tuluyan ng nilamon ng neoliberalismo.

Nang lubusan ng matuloy ang ginawang *joint venture agreement* ay kinilala ng *XRC Mall Developers, Inc.* ayon sa naging kasulatan o *agreement* ang pagiging isang sangay ng pamahalaang lungsod ng Maynila sa ating gobyerno sang ayon sa Batas Republika 409 at ang pagmamay-ari nito sa palengke ng San Andres bilang isang espasyo sa lungsod ng Maynila. Maliwanag na ang pagiging isang espasyo ng palengke sa lungsod ng Maynila ay may malaking papel na ginagampanan higit lalo sa mga taong nasa paligid nito na hindi lamang upang maghatid ng salapi bagkus, ay isinasaalang-alang din ang papel na ginagampanan nito sa paglalapit ng pampublikong serbisyo sa mga tao nito sa pamamagitan ng paghahatid ng mga pangunahing pangangailangan sa araw-araw.

Unang umusad ang usaping ito sa paglalalatag ng panukala sa pamahalaang lungsod ng Maynila noong ika-25 ng Pebrero 2015. Sa mga panahong iyon ay bukas na bukas ang lungsod sa pagkakaroong ng mukha ng neoliberalismo sapagkat mayroong ordinansang ipinasa ang mga mambabatas ng lungsod na tinatawag bilang “*Manila JV Ordinance*”. Itinatadhana nitong mapasailalim sa pampribadong proyekto ang mga pampublikong serbisyo sa lungsod gaya ng sa palengke upang pamahalaanan at isakatuparan ang layunin nitong kumita ng husto sang ayon sa konsepto ng kapitalista. Malugod na tinanggap ng lungsod ang naging panukala ng *XRC Mall Developers, Inc.* hanggang makalipas lang ang eksaktong isang buwan, ika- 25 ng Marso 2015, ay nasuri na ng *Joint Venture Selection Committee* ng lungsod ang naging panukala. Kinakitaan ng maayos at potensyal na pagkukuhanan ng bentahe ang naging panukala mula sa naging pagsusuri kaya naman ang noong Mayor Joseph Ejercito Estrada ng Maynila ay inaprubahan ang naging rekomendasyon ng *Joint Venture Selection Committee* at agarang nag iskedyl ng negosasyon sa pampinansyal at iba pang teknikal na aspektong usapin hinggil sa isinumiteng panukala ng *XRC Mall Developers, Inc* sa opisina ng lungsod ng Maynila.

Parehas na pinagkasunduang suportahan ng magkabilang panig ang lahat ng mga kinakailangan sa muling pagsasa-ayos sa palengke ng San Andres. Hindi lang nakakahon ang gagawing pagbabagong bihis sa palengke ng San Andres sa pagsasa-ayos ng pisikal na istruktura ng espasyo nito kung hindi gayun din sa aspektong pamamahala at kabuoang operasyon nito. Isama pa sa gagawing pagbabago ang hinggil sa pinansyal, disenyo, konstruksyon, *marketing* at pagmementena ng palengke sang ayon sa isinumiteng *Master Site Development Plan at Feasibility Study* ng *XRC Mall Developers, Inc* sa pamahalaang lungsod ng Maynila. Sasagutin ang lahat ng ito ng pribadong kompanya. Ipinaubaya lang sa pamahalaang lungsod ng Maynila ang pagbibigay ng karapatan sa paggamit ng kabuoang espasyo o *project area* upang maging tuloy-tuloy ang gagawing rehabilitasyon o pagbabagong bihis sa palengke. Tunguhin ng *joint venture agreement* na ito na gawing isang *modern market* ang palengke ng San Andres. Isang palengkeng magiging lunsaran sa pagbabagong maaliwalas at maayos sa pisikal nitong kaanyuan.

Sa usapin ng tagal o haba (term) ng ginawang *joint venture project*, tatagal ito sa loob ng labinlimang (25) taon simula sa araw ng naging pirmahan sa kasunduan o *agreement*. Matapos makalipas ang labinlimang taon na paghahati sa palengke ng San Andres ay maaaring magkaroon muli ng kasunduan sa parehas na mga inilatag na panukala ngunit sa puntong iyon ay kinakailangan munang busisain at suriin ang naging *revenue-sharing scheme* ng parehas na panig. Nakasulat din sa *agreement* na kung sakaling nais na humanap ng bagong pribadong kompanya ang lungsod para sa *joint venture*, maaari pa din namang magsumite ang kasalukuyang pribadong kompanya na *XRC Mall Developers Inc.* ng kanilang panukala sang ayon sa JV na ordinansa ng lungsod at ng iba pang batas o panuntunan na mayroon hinggil dito. Sa panahon namang hindi pa natatapos ang tagal o haba ng kasunduan at pinili ng pamahalaang lungsod ng Maynila na ibenta ang palengke ng San Andres, may karapatan ang pampribadong kumpanyang *XRC Mall Developers Inc.* na tanggihan ito at tapatan ng kung sino mang panibagong pampribadong kompanya ang naging panukala nito. Sa ginawang konstruksyon sa palengke ng San Andres ay tumagal ng anim (6) na buwan ang *pre-construction* matapos ang naging pirmahan at panibagong anim (6) na buwan muli matapos makuha ang mga kinakailangang mahahalagang dokumento para sa konstruksyon nito gaya ng mga permiso at lisensya.

Maliwanag sa naging kasunduan ang relasyong

namamagitan sa ginawang konstruksyon at pamamahala sa palengke ng San Andres. Nakasulat na *co-venturers* sa ginawang proyekto ang dalawang panig at parehas na makikinabang ito sa pagkakaroon ng kita kaya tinawag nila ito bilang “sound commercial profit-making principle”. Upang maging lubos ang tunguhin ng parehas na ito ay pinagkalooban ang pribadong kompanya na *XRC Mall Developers, Inc* ng kapangyarihan at awtoridad upang pamahalaan at patakbuhin ang palengke ng San Andres. Kaya marapat lamang na siguraduhin ng pamahalaang lungsod ng Maynila na walang anoman o sinoman na kasunduang pinasok ito sa pamamahala at pagsasa-ayos ng palengke.

Sa ginawang konstruksyon at pagbabagong bihis sa palengke ng San Andres ay ipinaubaya sa pamahalaang lungsod ng Maynila ang pag-aalis at paghahanap ng relokasyon sa lahat ng mga nandiditong nagtitinda na tinawag bilang *tenants* sa kasulatan maging ito man ay legal o ilegal. Kaya pinagsusumite ng pribadong kompanya ang pamahalaang lungsod ng listahan ng mga dati ng nagtitinda dito na maayos na sumusunod sa (1) wasto at tamang pagbabayad ng renta; (2) naninirahan sa lungsod ng Maynila; (3) mayroon ng dating permiso at lisensya para sa pagtitinda; (4) tunay na may-ari ng puwestong kanyang pinagtitindahan. Uunahing bigyan ng pagkakataong makapili ang mga nagtitinda na nasa isinumiteng listahan ng pamahalaang lungsod ng Maynila. Sa panahong binubuo at tinatapos ang konstruksyon sa palengke ng San Andres ay pansamantalang bibigyan ang mga nagtitinda sa loob ng palengke ng lugar upang maipagpatuloy nila ang kanilang negosyo. Kaya naman nakasulat sa kasunduang dapat ay siguraduhin ng pamahalaang lungsod ng Maynila na walang ilegal na mga nagtitinda sa paligid ng ginagawang bagong palengke ng San Andres mula sa isandaang (100) metro nito.

Ispesipikong nilalaman ng isinumiteng *Master Site Development Plan* ang pagbuo ng a.) puwesto para sa mga produktong makikita sa *wet* at *dry* na bahagi ng palengke; b.) opisina para sa mga gawaing administratibo; c.) *parking slots* at d.) iba pang pantulong na gawain sa palengke o tinatawag na *ancillary services*. Lahat ng kinakailangan para sa ginawang konstruksyon ng palengke ay sasagutin ng pribadong kompanya na *XRC Mall Developers, Inc.*

Tinawag bilang *Governing Committee* ang namamahala sa kabuoang pamamahala at operasyon sa palengke ng San Andres. Binubuo ito ng tatlong (3) miyembro. Isa (1) mula sa

pamahalaang lungsod ng Maynila at ang dalawa (2) naman ay mula sa pribadong kompanya. Hihirang sila mula sa kanila ng magiging pinuno at tatawagin bilang *chairman*. Bahagi ng kapangyarihan ng Governing Committee ang pagbuo ng mga polisiya. Higit dito ay may tungkulin silang a.) aprubahan ang taunang badget at iba pang kinakailangang badget na inihanda ng pribadong kompanya; b.) aprubahan ang *capital expenditures* na inirekomenda ng pampribadong kompanya; c.) aprubahan ang ipinapataw na bayarin sa renta ng mga nagtitinda na kung saan ang *Internal Rate of Return* ng pampribadong kompanya ay hindi tataas ng dalawampung porsyento (20%); at d.) aprubahan ang mga mahahalagang polisiya na nakaaapekto sa *joint venture*.

Banaag na banaag sa maraming bahagi ng naging *joint venture agreement* na talagang pumapabor sa pampribadong kompanya at halos wala ng magiging panghahawakang bahagi ang pamahalaang lungsod ng Maynila kung hindi ay tumanggap na lamang ng kita mula sa pribadong kompanya. Sa pakikipag-usap ng mananaliksik sa *Market Master* ng palengke ay isinaad niyang naging malaki talaga ang pagbabago sa maraming aspekto sa pamamahala ng palengke ng San Andres. Nakapagpalipat-lipat na siya bilang *Market Master* sa lumang palengke ng San Andres hanggang sa ilagay siya sa palengke ng Sta. Ana at muling ibinalik sa palengke ng San Andres. Batay sa kanya ay hindi lamang ang palengke ng San Andres ang isinailalim sa isang *joint venture project* mula sa *XRC Mall Developers, Inc.* Kasabay nitong maging *public-private* ang palengke din ng Sta. Ana. Hawak din ng *XRC Mall Developers, Inc.* ang binagong palengke ng Sampaloc at at Trabajo. Walang kaalam-alam ang mga *Market Master* noon hinggil sa magiging pagbabago hanggang sa ipatawag na lang silang lahat at ipanagpaalam ni Mayor Erap na ang palengkeng mga nasabi ay isasailalim sa isang *joint venture project*.

Ayon kay *Market Master*, haka-haka noon na isinailalim ang mga palengke sa isang *joint venture* dahil sa mahinang koleksyon na nakukuha dito noon. Nakita ng pamahalaang lungsod ang bentahe mula sa malaking potensyal at kita na makukuha ng Maynila kung ipapasok sa pampribadong kompanya ang mga pampublikong espasyo na palengkeng ito. Ani pa niya, mas magandang tignan ang palengke. Sa pagtatanong ng mananaliksik kung sino ba ang mayari ng *XRC Mall Developers, Inc.*, ay hindi nila kilala ito ngunit ito ay isang Pilipino. Kadalasan na ang mga ginagawang proyekto ng pribadong kompanyang ito ay mga lupa upang gawin bilang *mall*, *condominium* at maging mga parke. Kadalasang makikita ang

mga ito sa Antipolo at Nueva Ecija batay sa naging panayam ng mananaliksik sa *Market Master*.

Ang naging kabuoang halaga ng proyekto sa pagbabagong bihis ng palengke ng San Andres ay Php 317, 290, 600.00. Sa paghahati ng bayarin sa kabuoang halaga ng proyekto ay P47, 593, 600.00 ang para sa pamahalaang lungsod ng Maynila na tinatawag bilang *leasehold value* sa loob ng labinlimang (25) taon. Para naman sa *XRC Mall Developers, Inc.* ay Php 172, 000, 000.00 para sa konstruksyon at pagsasa-ayos sa pisikal na sakop at saklaw ng espasyo ng palengke ng San Andres. Isa pa ay ang *working capital* na nagkakahalaga ng Php 97, 697, 067.00 para sa lahat ng gastusin sa pagbabagong bihis ng palengke ng San Andres.

Sa usaping kita o tubo naman sa operasyon ng palengke ng San Andres ay paniguradong magkakaroon ng taunang kitang nagkakahalaga ng Php 1, 500, 000.00 ang pamahalaang lungsod ng Maynila. Tataas ng dalawang porsyento (2%) ang kita ng pamahalaang lungsod ng Maynila matapos ang ikalawa hanggang sampung taon nito at tatlong porsyento (3%) naman para sa labing-isa hanggang dalawampu't limang taon.

Pagmamapa sa Loob ng Palengke mula sa Binuong Mapa ng Mananaliksik

Sa ginawang pagmamasid at pag-iikot ng mananaliksik sa kabuoan ng loob at labas ng palengke ng San Andres ay nakabuo ito ngayon ng sarili niyang *blueprint* o mapa batay sa kung ano ang makikita dito kapag nagtungo ang isang mamimili o hindi naman kaya ay isang hindi pamilyar na tao sa palengke.

Unang bibigyang diskurso sa bahaging ito ng pananaliksik ang bahaging *mall* ng palengke ng San Andres. Sa pag-iikot ay makikita ang ilang mga establisyemento gaya ng *Savemore, 360 Salon, Ever Eyewear* at *DM Dental Clinic*. Kung saan nakalagay ang mga nasabing establisyemento sa mapa ay doon din naman ito eksaktong makikita ng mga mamimili o magtutungo dito. Ang establisyementong *Ever Eyewear* bagamat naka puwesto ito sa orihinal na plano ay hindi naman bukas ng magtungo ang mananaliksik doon. May nakatakip na mga papel sa harapan nito kaya ng tanungin ang *housekeeper* ng mall kung nagbubukas ba ito, sinabi niyang may inaaayos lamang sa loob nito kaya pansamantalang isinarado at hindi naman nila alam kung kailan ito muling magbubukas upang magbalik sa negosyo nito.

Sa kabilang bahagi ay wala namang makikitang

Bench to Go sa harapan ng pinto ng *mall* bagkus ay *outlet* ng tiket sa barko na *2Go* ang matatagpuan dito. Tinanong ng mananaliksik ang guwardiya ng *mall* kung mayroon ba doong *Bench to Go* ngunit sinabi nitong ang *outlet* ng *2Go* na ang kanyang naabutan na nagbubukas at mayroon lamang doon. Gayun din ay hindi makikita o wala batay sa orihinal na plano ang *Citi Drug*, *Allurescence Aesthetic*, *Merry Season Department Store Exhibit*, *God's First Travel Hub at Red Box*.



Larawan 1. Saradong puwesto ng *Every Eyewear* na nasunod sa orihinal na plano



Larawan 2. *2Go* outlet sa harapan ng pinto sa mall na kapalit ng *Bench To Go* sa orihinal na mapa

Sa pagsisiyasat ng mananaliksik ay mayroong apat na pintong matatagpuan sa kabuoan ng palengke. Dalawa dito ay matatagpuan sa unahang bahagi ng palengke upang makapasok o makalabas sa mismong *mall*. Mula sa *mall* upang makapasok naman sa palengke ay may dalawa ring pinto. Pawang magkakatatapat ang mga pintong ito. May guwardiya na nagbabantay ng pinto sa harapan ng *mall* katabi ng *Savemore*. Upang bigyan ng seguridad ang palengke mismo ay nasasarado naman ng debabang pinto (roll-up door) ang pasukan papuntang palengke sa gabi kung wala ng tao dito.

Tabi-tabi naman ang *Lounge* ng palengke, *Breast Feeding Area* at ang palikuran nito para sa lalaki at babae. Ang naka disenyong limang upuan sa lounge ng palengke ay dalawang pahabang upuan lang ang makikita dito. Maaliwalas ang *lounge* sapagkat may magarbong *chandelier* ang nagpapailaw dito gayun din ay pinaganda pa ito ng iba't ibang larawan hinggil sa kasaysayan ng pamilihan sa Maynila noong unang panahon. Nakapaskil din dito ang ilang datos hinggil sa demograpiya ng San Andres. Masisipat din sa gilid nito ang maliit na bahagi para sa *breast feed*. Katabi ng bahagi para sa *breast feed* ay ang palikuran naman na idinisenyo para sa mga PWD. Pawang wasto ang pagkakabuo sa *breastfeed area* at sa palikuran para sa PWD. Pinasok din ng mananaliksik ang palikuran para sa lalaki. Tatlo

ang lababo na naka disenyo sa orihinal na mapa ngunit dalawa lang ang nabilang ng mananaliksik. Dalawa lang din ang nabilang na *cubicle* at tatlo naman sa *urinal* na hindi tumutugma sa orihinal na mapa sapagkat tatlo ang naka disenyong *cubicle* at apat naman para sa *urinal*. Hindi makapapasok ang mananaliksik sa palikuran para sa babae kaya pinagtanong-tanong na lang ng mananaliksik sa mga lumalabas na babaeng gumamit ng palikuran kung ilang lababo ang makikita dito. Sumagot ang pinagtanungan ng mananaliksik na may limang lababo sa loob ng palikurang pambabae at apat naman ang *cubicle*. Hindi rin ito nasunod batay sa orihinal na plano dahil baliktad ang mga bilang nito. Sa orihinal na mapa ay mayroong apat na lababo at lima naman ang *cubicle*.

Sa harapang bahagi sa palengke ng San Andres kaharap ng Puregold sa mga nagtitinda ng prutas ay may nakalagay na mga "lugar himpilan" (parking area). Tinanong ng mananaliksik sa mga nagtitinda ng prutas kung may bayad ba ang mga kotse o motor na gumagamit ng lugar himpilan, sagot naman nila ay wala itong bayad at talagang nilagyan nito para sa mga mamimili sa *Savemore*.

Sa ginawang pagmamapa ng mananaliksik sa loob ng palengke ay hinati niya ito sang ayon sa ibinebentang produkto at inihahatid na serbisyo

ng mga nagtitinda mula sa gulay, *eatery* o kainan, *general merchandise*, pagawaan ng *cellphone* at relo, karneng baboy, karneng manok, isda at iba pang lamang dagat, prinosesong karne, prutas, *dry goods* at, maging ang ginawang tambakan at bakanteng tindahan sa loob ng palengke.

Sa pag-iikot ng mananaliksik ay inilista nito ang kabuoang bilang ng tindahan o *stall* sa bawat produkto at serbisyo na makikita sa kasalukuyan sa loob ng palengke. Mayroong apatnapu (40)

para sa gulay; dalawa (2) para sa *eatery* o kainan; limampu't dalawa (52) para sa *general merchandise*; apat (4) para sa pagawaan ng *cellphone* at isa (1) naman para sa pagawaan ng relo; dalawampu't walo (28) para sa karneng baboy; labinglima (15) para sa karneng manok; dalawampu't isa (21) para sa isda at iba pang lamang dagat; apat (4) para sa prinosesong karne; tatlumpu't lima (35) para sa prutas; dalawampu't isa (21) para sa *dry goods*; siyam (9) ang ginawang tambakan; at labing isa (11) ay bakanteng tindahan naman sa loob ng palengke.



Larawan 3. Hindi pare-parehas na itinitindang produkto sa isang hilera gaya ng A25 at A26 na gulay at sa A27 naman ay *General Merchandise*.



Larawan 4. Hilera ng nagtitinda ng manok. Mapapansin ang pare-parehas na kulay puting ilaw at ang liit ng espasyo sa bawat puwesto.

Madalas ay may naliligaw na mga produktong ibinebenta sa bawat hilera kaya hindi talaga pare-parehas ang mga ito. Sa kabilang banda, paisa-isa o dalawa lang naman ang naliligaw na nagtitinda ng isang partikular na produkto sa bawat hilera kaya madali pa rin naman na makabisa ang bawat tindahan. Idagdag pa na sa liit ng bawat puwesto ay halos tanaw mo na din ang iba pang puwesto sa loob ng palengke. Sa pagiging dikit nito ay halos napaka ikli lamang din ng iikutin ng mamimili kapag ito ay namamalengke.

Napansin lang ng mananaliksik na maraming CCTV ang nakapalibot sa bawat hilera ng mga tindahan at ang bawat daanan o hilera ay may tag-iisang *exhaust fan* kaya naman hindi ganuon na manlalagkit at magpapawis ang mga mamimili sa loob ng palengke. Maaliwalas din na nakapaglibot ang mananaliksik sapagkat puti ang ilaw sa bawat daanan gayun din sa bawat tindahan ng mga mamimili. Sa pagtatanong sa mga kinapanayam na nagtitinda ng mananaliksik ay sagot ng *Xentro Mall* ang pagpapalit kung sakaling mapundi ang ilaw ng mga ito. Pinili rin ng *Xentro Mall* na gumamit ng puting ilaw at hindi iba pang kulay kaya kitang kita

ang totoong anyo ng mga binibili ng mamimili kung ito ba ay sariwa o hindi.

Sa pagdadalumat ay nakita ang naging konstruksyon ng espasyo sa palengke ng San Andres. Isa itong *self-contained* na espasyong kinasasangkapan ng tigib na gawain mula sa maraming aspekto. Palaging palengke ang isa sa mahahalagang sangkap ng isang komunidad na bumubuo sa lubusan nitong pagiging espasyo na may layuning pagtataguyod ng kabutihaang panlahat. Itinuturing ito bilang isang espasyong naghahatid ng mga pangunahing pangangailangan ng tao sa araw-araw gaya ng pagkain, damit at inumin. Samakatuwid, namamayaning may papel ito sa gawaing pagbibigay ng serbisyo sa mga mamamayan ng isang komunidad.

Ganito tinignan ng lahat ng nagtitinda ang kanilang gawaing pagtitinda o pagbebenta. Hindi na lamang ito isang negosyo na hanguan nila ng kanilang kita kung hindi isa na ding bokasyon kaya nga nakita sa pagdaan ng taon kung paano na lamang sila nakibaka at nakikibaka magpasa hanggang ngayon. Naging bulalas nga ni Jun na ang itinuturing ng

ibang trabaho na pagtitinda ay isang malinaw na porma ng pampublikong serbisyo para sa mga tao ng San Andres at ng iba pang karatig na lugar

Kung public service ang usapan kaming mga manininda ay public service din dahil nasa pampublikong pamilihan kami nagtitinda. Sila nga tulog pa sa kanilang de aircon na kuwarto, kami alas tres pa lang nandidito na sa palengke nag uumpisa na kaming magtinda para sa aming ikabubuhay na hindi nila matanggap. (sa mananaliksik ang diin)

Ganito din niliwanagan ni Jojo ang mananaliksik sa pag-giit nitong dapat ay binibigyan ng importansya at proteksyon silang mga maliliit na nagtitinda sa loob ng palengke. Maliit man ang kanilang naiaambag sa kita ng Maynila ay kabahagi pa rin naman sila ng bumubuong lakas paggawa na sektor ng Maynila na naging gulugod sa pagtatamasa ng maganda higit lalo sa mga taong nasasakupan ng kanilang palengke.

Mahalaga ang public market kasi extension ito ng public service. Ito yung hindi nila nakikita lagi. Just imagine, saan ka nakakita ng mga mall na bukas sa madaling araw bibihara lang di ba? Yung mga convenience store lang? ***Pero ang public market nagbubukas kami ng alas-kuwatro ng madaling araw para pagsilbihan ang buying public.*** Yung ating mga pinuno sa gobyerno tulog pa, kami andito nagbibigay serbisyo sa pulis, sa sundalo, sa teacher, sa mangagawa, sa estudyante lahat yan pinagsisilbihan namin para sa kanilang araw-araw na pagkain. Kaya kung sa aking pananaw dapat sobra-sobra ang suporta ng city government sa public market kasi ito ang front liner mo in times of need- bagyo, baha, lindol o sunog, kadalasan kami ang tinatakbuhan. Bili dyaan ng kung ano-ano mga gulay, itlog dito sila kumukuha kadalasan. Frontliner kami hindi yun nakikita. (sa mananaliksik ang diin)




Figura 1. Blueprint o mapa sa loob ng palengke ng San Andres sa Maynila

Pagmamapa sa Labas ng Palengke mula sa Binuong Mapa ng Mananaliksik

Katapat mismo ng palengke sa bahaging mall kung nasaan ang *Savemore* at *360 Salon* ay ang malawak na *Puregold San Andres*. Sa pagtatanong sa mga nagtitinda sa loob ng palengke ay nabuo ito sa panahon ni Mayor Lito Atienza. Ayon kay Sir Jojo, pangulo ng asosasyon ng mga nagtitinda sa palengke ng San Andres, ay alam nilang magiging malaking kakumpetensya nila ito. Sa kabilang

banda, hindi naman sila naapektuhan nito ng ganuon katindi. Naging pagbabalik tanaw nga niyang sinabing:

Nagreklamo kami noon. Ang bone of contention ni Mayor Atienza, kaya niyo ba magbigay ng revenue sa Manila ng ganito kalaki? Kaya niyo ba magbigay ng job opportunity sa mga tao? Sabi namin, e wala dahil hindi naman kami manpower services ang trabaho namin. Ang inaano namin ay maaapektuhan kami sa paninda.



Larawan 5. Harapan na bahagi ng palengke ng San Andres sa ilalim ng *Xentro Mall*. Mapapansin ang mala-mall na istruktura nito kasama ang *Savemore*.



Larawan 6. Katapat mismo ng palengke ng San Andres at *Savemore* ay ang kakompetensya nitong grocery store na *Puregold*.

Sa naging pakikibaka nga noon nina Jojo bilang pangulo ng asosasyon ng mga nagtitinda, noong una ay hindi talaga sila pabor sa pagpapatayo nito. Naisip nilang magiging malaking kakumpetensya nila ito sa kita. Inilapit nila ito sa pamahalaang lokal ng Maynila ngunit naliwanagan silang maganda ang intensyon sa pagkakabuo nito at yun ay magkaroon ng mas malaking kita para sa lungsod ng Maynila at mas maraming trabaho para sa iba. Sa kabilang banda, dismayado naman niyang nasambit ang tungkol sa mga pangako at panukalang plano noon ng pamahalaang lungsod tungkol sa usaping pagtatayo ng mga kahalintulad na establisyementong mayroon sa loob ng palengke kaya naging kuwento niya:

Sabi noon ni Councilor Trisha Bonoan, dapat daw talaga ay magkaroon ng ordinansa na specific itong radius na ito ***kapag public market ay wala talagang mag tayo ng kahalintulad na paninda sa loob ng palengke***. Well in good maganda pakinggan, lip services. Pero malabo talaga mangyari yun. ***We have to accept the harsh reality na yung mga bagay-bagay na yan hindi mo makukuha bagkus ay matuto tayo mamuhay na nandyaan sila nag e-exist.*** (sa mananaliksik ang diin)

Nakasanayan na lamang ng mga nagtitinda na mayroon silang malalaking mga kakompetensyang establisyemento sa paligid ng kanilang pakengke. Dalangin na lamang talaga nilang hindi na madagdagan pa ang mga ito na magiging dahilan na siguro sa unti- unti nilang pagkalugmok.

Sa tapat ng *Puregold* ay mayroong nabuong pila naman ng *tricycle*. Sa pagmamasid ng mananaliksik ay mga mamimili galing sa *Puregold* ang inaabangan nilang pasahero at hindi yaong mga galing sa loob ng palengke. Mayroon ding mga pagkaing tusok-tusok gaya ng *kwék-kwék*, *squid ball* at *kikiam* na naglalagi sa gilid ng *Puregold* na nakasakay sa bisikleta. Hindi permanente itong naglalagi ng buong araw dahil makalipas ang tanghali ay napansin ng mananaliksik na nawala na ito. Marahil ay naglalako din ito sa iba pang lugar. Gayundin ay may nagbebenta ng mga pambatang libro at gamit sa eskuwelahan na gumawa ng kanilang sariling puwesto sa gilid.

Katabi ng *Puregold* ay isa pang establisyemento na nagbebenta naman ng *load* at iba pang kagamitan para sa *cellphone* na may pangalang *DSY Cellphone*

Accessories. Sa kabila naman ay matatagpuan ang isang *hardware* na may pangalang *Malate Hardware and Electrical Supply*. Sa muling pagsilip ng mananaliksik isang beses ng Linggo habang naghahanap ng kasasangkapan sa pananaliksik na mamimili ay nakita itong sarado. Pagdating ng hapon ay nagsasara na pala ito tuwing Linggo. Sa pagsilip ng mananaliksik sa tindahan ay may lahing tsino ang sigurong may-ari nito sapagkat sa kanya lahat dumadaan ng bayad matapos ang naging transaksyon ng mga trabahador. Sa tapat ng *hardware* ay mayroon namang matatagpuang maliit na kariton na pagawaan ng sapatos at pangongopya ng susi. Sa unahan naman sa kalye ng Angel Linao ay matatagpuan ang pamosong *fast food store* na *Jollibee*. May maliit itong espasyo sa harapan na inilaan bilang “lugar himpilan” (parking area).

Pagtawid ng *Jollibee* ay maaari namang makabili ng gamot at ilan pang gamit sa kilalang botika sa ating bansa na *Mercury Drugstore*. Katabi nito ang isang komersyal na gusali. Sa gilid-gilid ay may matatagpuang nagtitinda ng iba’t ibang gamit para sa *cellphone*. May maliit itong tindahang ginawa. Hindi naman malayo dito ay mayroon pang isang nagtitinda ng mga gamit para sa *cellphone* pero hindi gaya ng nauna ay naglalalatag lang ito ng kanyang paninda. Maaari ding yakapin ang suwerte ng mga naninirahan sa paligid ng San Andres sapagkat mayroong *Lotto Station* na makikita dito. Hindi ganuon karami ng hapon iyon ang nakita ng mananaliksik na pumipila upang tumaya sa *lotto* noon.

Sa kalye naman ng Leveriza sa gilid ng palengke ng San Andres katapat ng mga nagtitinda ng prutas ay sandamakmak din ang nagtitinda sa bangketa ng kung ano-anong produkto. Mayroong mga nagtitinda ng iba’t ibang klase ng *speaker*, *DVD Players* at maging mga gamit para sa bahay gaya ng kutsilyo, martilyo at lagare. Katabi rin nito ay gumawa naman ng sarili niyang puwesto para sa kanyang panindang mga tsinelas. Malayo-layo sa kaniya ay isa pang nagtitinda ng tsinelas ang nakabalandra sa daanan. Mayroon ding pila ng *tricycle* sa bahaging Leveriza naman na habang nag-aabang ng pasahero ay nakikipaglaro ito ng *chess* sa mga nagtitinda doon bilang pamatay oras. Sa hindi naman kalayuan ay maririnig na nagpapatugtog ng kanyang mga ibinebentang piniratang *CD* at *DVD* ang isang lalaki na noong hapon ay napakasarap ng kanyang siesta sa kanyang higaan. Papalayo pa ay hindi naman magkamayaw ang mga tao noong hapon na iyon na kumakain ng lugaw at goto na nasa kariton.

Aminado naman ang ibang mamimili gaya ni Orfa

na hindi lahat ay sa palengke niya binibili. Simula ng magkaroon na ng *Puregold* ay doon na niya sabay-sabay na binibili ang mga de lata, rekados sa ulam at iba pang gamit sa bahay. Si Christina naman ay doon na din namimili ng kanyang mga paninda sa kanyang maliit na tindahan. Sa kabilang banda ay nahahati pa din si Jaypee kung saan siya bibili ng karneng baboy at manok para sa kanilang carinderia kaya bago siya mamili ay iniisa-isa niya muna kung saan siya mas makamumura. Wala siyang ispesipikong daan na tinatahak para lang mamili kung hindi ay isinasaalang-alang niya ang presyo ng kanyang bibilhin ito man ay sa palengke, *Savemore* o sa *Puregold*.

Gaya ni Orfa ay mas pinipili naman ni Julie na mag-ibang direksyon kapag ang bibilhin niya ay mga de lata, sabong panlaba, rekado sa ulam gaya ng *tomato sauce*, *ketchup* dahil mas mura ang mga ito sa *Puregold* kumpara sa loob ng palengke. Ibinigay niya namang halimbawa ang presyo ng isang pakete ng *tomato sauce*. Sa loob ng palengke ng San Andres ay mabibili ito ng Php 30 pero sa *Puregold* ay makukuha lamang ito ng Php 22 hanggang Php 25. Malaking bagay kung tutuosin ang mas mababang presyo ng bilihin para sa kanya sa *Puregold* kaysa sa palengke.



Figura 2. Blueprint o mapa sa loob at labas ng palengke ng San Andres sa Maynila

Kongklusyon at Rekomendasyon

Sa pag-aaral ng *spatial practice* ay nabigyan ang kabuoang heograpikal mula sa pisikal na sakop at saklaw ng espasyo kasama ang sinaluysoy na kuwento ng palengke ng San Andres bilang isang espasyo na may tagni-tagning katangiang itinatago. Binigyang diskurso at paglalagat din ang pagmamapa sa kabuoang espasyo ng palengke mula sa lokasyon, pagkakabuo at pagkakahati-hati o ang heograpikal na sakop at saklaw nito na naging tuntungan sa paglalagat ng parametro sa kaakuan ng palengke bilang isang espasyo.

Sa loob ng dalawampu't limang taon ay nakatali ang buong espasyo ng palengke ng San Andres sa *joint venture agreement* sa pamumuno ng pribadong kompanyang *XRC Mall Developers Inc.* kaya ang lahat ng panuntunan nito hinggil sa operasyon at pagpapatakbo ay sa kanila nanggagaling. Isang nakatatayong entidad ito na may kakayahang baguhin at baliin ang anumang may kinalaman sa balangkas ng pamamahala nito sa loob ng palengke. Maraming pagsalungat sa pagbabagong ito sapagkat ipinasok ang palengke sa ilalim ng tinatawag na *Public-Private Partnership* (PPP). Sa kabilang banda, naging matagumpay ang *pinirmahang joint venture agreement* kaya walong taon na ang nagiging operasyon ng palengke. Hindi nakapagtataka ang paghaharing uri ng pampribadong kompanya sa espasyo ng palengke sapagkat litaw na litaw sa pagmamasid na may nahahating uri sa espasyo, ang *mall*, ang *Savemore*, ang *Puregold* at ang palengke. Nakahulagway dito kung papaanong pinababansot ang pagpapalit ng pamunuan mula sa pampubliko patungong pampribado na isang mukha ng neoliberalismo, ang kabuoan ng gawain at sistemang kinasasadlakan ng maraming kabahagi sa paghahatid ng produkto at serbisyo sa loob at labas ng palengke.

Bilang rekomendasyon ay subuking pag-aralan din ang iba pang palengke sa Maynila na napasailalim sa balangkas ng *joint venture agreement* sang-ayon sa ordinansang ipinatutupad ng lungsod gaya ng sa Quinta, Trabajo, Sampaloc at Sta. Ana. Paniguradong may kuwento din dito na masasaluysoy mula sa impit nilang boses na maaaring kapulutan ng panibagong diwa na makapaghihiraya sa ating kakanyahan bilang kabuhol sa buhay ng maraming Pilipino sa araw-araw ang palengke. Ang ganitong pagtatangka ay higit na makapag-aambag sa iilan pa lamang na pag-aaral patungkol sa palengke.

Etikang Pahayag

Sinunod sa pag-aaral na ito ang mga unibersal at tiyak na tuntunin at protokol sa pagsasagawa ng isang etikal na pag-aaral. Iniayon ang binuong pananaliksik na ito sa mga nakalatag na pamantayang etikal at mga alituntunin na itinakda ng *National Research Council of the Philippines* (NRCP). Nagsagawa ng oral konsent mula sa lahat ng mga kinapanayam na nagtitinda ng pananaliksik na ito. Isinagawa rin ang mga hakbang upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyon mula sa mga kinapanayam. Sang ayon sa kanilang permiso ay direktang binanggit ang kanilang pangalan o hindi naman kaya ay binigyan sila ng *pseudo* na pangalan partikular ang administrador ng palengke bilang *Market Master*.

Pahayag ng Posibleng Pansariling Interes (Declaration of Conflict of Interest)

Walang ipinahahayag na *conflict of interest* ang awtor.

Mga Sanggunian

- Agoncillo, T. A. (2012). *History of the Filipino People*. C & E Publishing Inc.
- Enriquez, V. at Santiago, C. (2017). Tungo sa Makapilipinong Pananaliksik. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. UP Press Diliman.
- GMA News. (2016, Abril 17). *UB: Bagong San Andres Market sa Maynila, binuksan na sa mga nagtitinda*. [Bidyó]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=PbDXtlfk_QU.
- Javellana, R. B. (2017). Palengke. *Encyclopedia of Philippine Art*. Cultural Center of the Philippines
- Lefebvre, H. (1991). *The Production of Space*. Oxford. Blackwell.
- Manongdo, J. F. (2019, Oktubre 5). Manila Market Vendors Unsettled by Renovation Bid. *Manila Bulletin*. <https://www.pressreader.com/philippines/manila-bulletin/20150816/282175059851261>
- Morales-Nuncio, E. at Nuncio, R. (2004). *Sangandiwa*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- MarketMan. (26, Enero 2005). *San Andres Market, Malate*. <http://www.marketmanila.com/archives/san-andres-market>.
- Nuncio, R. (2011). Luntiang Pamayanan: Tungo sa Pag-unlad ng Kalikasan, Antas ng Pamumuhay at Wika. *Malay*. 23(2), 95-110. <https://ejournals.ph/article.php?id=799528>

Palatino, M. (2016, Setyember 23). How Private Capital Is Devouring Metro Manila's Public Spaces. *Manila Today*. <https://manilatoday.net/private-capital-devouring-metro-manilas-public-spaces/>

Sakili, A. (2003). *Space and Identity*. Diliman, Quezon City: Asian Center, University of the Philippines.

Xentro Mall. <https://www.xentromalls.com/mall-locator/xentro-mall-san-andres/>. Binuksan noong 14 Agosto 2021.